

Abiso ng Tanggapan ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon (NBTC)**Patungkol sa: Mga Panuntunan sa Paglisensiya sa Paggamit ng Radio Frequency para sa Kagamitan sa Komunikasyong Panradyo na Ultra-Wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHz Band**

Sapagka't naaangkop na itakda ang mga panuntunan sa paggamit ng radio frequency para sa kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHz band ay maging angkop para sa mga kalagayan ng teknolohiya at paggamit ng lokal na radio frequency alinsunod sa mga pandaigdigang rekisito upang mapangasiwaan ang aksesibilidad sa tao ng mga kagamitan sa komunikasyong panradyo ng walang paghadlang sa bawat isa, kapwa sa parehong uri ng negosyo at sa pagitan ng bawat uri ng negosyo.

Sa bisa ng mga probisyon sa ilalim ng Seksyon 27 (4) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisiyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010, na sinusugan mula sa Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisiyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2017 (Bi. 2) at Seksyon 27 (24) ng Batas sa Organisasyon sa Pagtatalaga ng Radio Frequency at Pangangasiwa sa Mga Serbisiyong Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ng 2010 na kaugnay sa Seksyon 6 at Seksyon 11 ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1955, na sinusugan ng Batas sa Komunikasyong Panradyo ng 1992, ang Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon ay samakatuwid ay itinatakda ang mga sumusunod:

Takda 1 Ang Abiso ay pagbibigyang bisa isang araw mula sa petsa ng pagkalathala nito sa Government Gazette

Takda 2 Ang Abiso na ito ay dapat i-aplay sa mga kaso na kung saan ang lahat ng mga abiso, mga patakaran, regulasyon, at iba pang mga kautusan ay itinakda, o sa pagkakasalungatang napapaloob dito

Takda 3 Ang mga panuntunan sa paggamit ng radio frequency para sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHz band ay ang mga sumusunod:

Radio frequency	Pinakamataas na radiated average power density (e.i.r.p.) (dBm/MHz)
1.6 – 2.0 GHz	- 41.3
2.0 – 2.2 GHz	- 62.0
2.2 – 3.4 GHz	- 41.3
3.4 – 4.2 GHz	- 77.0

Radio frequency	Pinakamataas na radiated average power density (e.i.r.p.) (dBm/MHz)
4.2 – 4.5 GHz	- 41.3
4.5 – 4.8 GHz	- 77.0
4.8 – 10.6 GHz	- 41.3

Takda 4 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHZ band ay eksemted sa paglisensiya para sa paggawa, pagkakaroon, paggamit, pag-angkat, pagluwas, at pangangalakal ng mga komunikasyong panradyo at lisensiya sa pagtatatag ng istasyon ng komunikasyong panradyo

Takda 5 Ang kagamitan sa komunikasyong panradyo na ultra-wideband na nasa 1.6 – 10.6 GHZ band ay dapat magtaglay ng mga teknikal na pamantayan na itinakda ng Abiso ng NBTC at dapat nasiyasat at sertipikado sa mga pamantayan alinsunod sa Abiso ng NBTC sa Pamantayang Inspeksyon at Sertipikasyon ng mga Kagamitan at Aparatong Pantelekomunikasyon.

Takda 6 Ang karapatan sa proteksyon ng panghihimasok ay hindi ipinagkaloob sa paggamit ng mga radio frequency na nasa 1.6 – 10.6 GHZ band. Kung ito ay magdulot ng kalubhaan sa antas ng intensidad na labag sa paggamit ng radio frequency ng iba pang loop sa komunikasyon sa anumang lugar, dapat agad na suspindihin ng user ang paggamit ng naturang kagamitan sa komunikasyong panradyo na nagdudulot ng pagkagambala sa lugar na iyon.

Takda 7 Para sa pinakamataas na kahusayan sa paggamit ng radio frequency, maaaring pahintulutan ng NBTC na gamitin ang radio frequency sa kabuuan o bahagi nito sa negosyo ng pagsasahimpapawid, negosyo sa telebisyon, negosyo sa telekomunikasyon, negosyo sa komunikasyong panradyo, at iba pang mga karagdagang negosyo kung naaangkop.


Ipinahayag noong ika-30 ng Nobyembre, 2017.

Heneral Sukit Khamasunthorn

Komisyoner ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

Gumaganap bilang Komisyoner ng Komisyon sa Pambansang Pagsasahimpapawid at Telekomunikasyon

**Tsart sa Paggamit ng Radio Frequency
ng Kagamitan sa Komunikasyon Panradyo na Ultra-Wideband
na nasa 1.6 – 10.6 GHz Band**



This translated version is prepared with the sole purpose of facilitating the comprehension of foreign participants in the telecommunication rules and regulations and shall not in any event or by any reason be construed or interpreted as having effect in substitution for supplementary to the Thai version thereof. If its translation to other languages is in contrary to Thai version, the latter shall prevail.

Please note that the translation has not been subjected to an official review by the Office of the National Broadcasting and Telecommunications Commission. The Office of NBTC, accordingly, shall not undertake any responsibility for its accuracy, nor be held liable for any loss or damages arising from or in connection with its use.
